タガログ語

「Paalala: Kailangan magpasa ng “Tozan Todoke” (Form sa Pag-akyat ng Bundok)!!! 」

Ito ay paalala mula sa Gifu Prefecture Crisis Management Department, Disaster Prevention Section, Mountain Rescue and Volcano Countermeasures Office.

Kapag aakyat kayo sa mga bundok sa North Alps area gaya ng (Mt. Nishihotakadake, Mt. Sugorokudake at iba pa), pati na rin sa Mt. Ontakesan, Mt. Yakedake, Mt. Hakusan, at Mt. Norikuradake, obligado kayong magsumite ng “Tozan Todoke” ayon sa ordinansa ng prefecture.

Kung hindi kayo magsusumite ng “Tozan Todoke” at aakyat pa rin ng bundok, maaari kayong pagmultahin ng hanggang 50,000 yen.

＜Paano magpasa ng Tozan Todoke＞

Pwede itong ihulog sa mga Tozan Todoke Post Box o gamitin ang mountain climbing app para mag-submit online.

https://www.pref.gifu.lg.jp/site/police/4183.html

＜Mga Paalala＞

・Magplano nang maayos at magdala ng sapat na gamit.
Sa bundok, mabilis magbago ang panahon at kahit tag-init ay pwedeng bumaba ang temperatura sa ilalim ng 10°C tuwing umaga at gabi.

・Ang Mt. Ontakesan, Mt. Yakedake, Mt. Hakusan, at Mt. Norikuradake ay mga aktibong bulkan. Magdala ng helmet bilang proteksyon.
Para sa impormasyon tungkol sa aktibidad ng mga bulkan, bisitahin ang site na ito.
https://www.jma.go.jp/bosai/map.html#9/35.932/138.066/&contents=volcano&lang=en

May mga English na brochure rin ang prefecture.

・Gifu North Alps Climbing Guidebook
https://www.pref.gifu.lg.jp/uploaded/attachment/414484.pdf

・Gifu Mountain Grading
https://www.pref.gifu.lg.jp/uploaded/attachment/379321.pdf
https://www.pref.gifu.lg.jp/uploaded/attachment/379323.pdf